Mensahe Tatlo

**Ang Pansansinukob na Kasaysayan ayon sa Ekonomiya ng Diyos—
ang Dibinong Kasaysayan sa loob ng Pantaong Kasaysayan**

Babasahin sa Kasulatan: Joel 1:4; 2:28-32; 3:11-21; Efe. 3:16-21; 4:15-16; Apoc. 19:7-9; 22:17a

**I. Sa sansinukob na ito ay mayroong dalawang kasaysayan: ang kasaysayan ng tao, ang pantaong kasaysayan, at ang kasaysayan ng Diyos, ang dibinong kasaysayan; ang una ay katulad ng isang panlabas na balat, at ang ikalawa, katulad ng buto sa loob ng balat:**

A. Kailangan nating magtaglay ng isang malinaw na pananaw ng dibinong kasaysayan sa loob ng pantaong kasaysayan—Joel 1:4; 2:28-32; 3:11-21:

1. Ang kasaysayan ng tao, ang kasaysayan ng mundo, ang pisikal, pantaong kasaysayan, ay panlabas; ang dibinong kasaysayan, ang kasaysayan ng Diyos kasama ang tao at sa loob ng tao, ay panloob; ito ay isang bagay ng hiwaga ng Tres-unong Diyos sa pagkatao—1 Tim. 3:15-16:

a. Bago ang pagkakatawang tao ni Kristo ang Diyos ay kumilos kasama ang mga tao at sa gitna ng mga tao; ito ay hindi ang Kanyang direktang pagkilos upang isagawa ang Kanyang walang hanggang ekonomiya para kay Kristo at sa ekklesia bagkus ang Kanyang di-tuwirang pagkilos sa Kanyang lumang paglikha para sa paghahanda ng Kanyang direktang pagkilos sa Kanyang bagong paglikha para sa Kanyang walang hanggang ekonomiya.

b. Ang kasaysayan ng Diyos ay may dalawang bahagi—ang kasaysayan ng Diyos *kasama* ang tao, na matatagpuan sa Lumang Tipan, at ang kasaysayan ng Diyos *sa loob* ng tao, na matatagpuan sa Bagong Tipan.

c. Ang kasaysayan ng Diyos sa loob ng tao ay nagsimula sa pagkakatawang tao at nagpatuloy sa Kanyang proseso ng pagkakatawang tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa kalangitan; sinasabi ng Oseas 11:4 na mga ito ay mga tali ng isang tao, ang mga panali ng pag-ibig.

2. Ang dibinong kasaysayan, ang kasaysayan ng Diyos sa loob ng tao, ay mula sa pagkakatawang-tao ni Kristo hanggang sa Kanyang pag-akyat sa kalangitan upang maging ang Espiritung nagbibigay buhay at pagkatapos ay nagpapatuloy sa Kanyang pananahan sa loob natin sa pamamagitan ng organikong pagliligtas ng Diyos sa pagsilang na muli, pagpapabanal, pagpapabago, transpormasyon, pagwawangis, at pagluluwalhati upang gawin tayong ang maluwalhating kasintahang babae ni Kristo—Rom. 5:10; Efe. 5:27; Apoc. 19:7-9.

3. Ito ay hahantong kay Kristo bilang ang Espiritu, ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, na pakakasalan ang ekkesia bilang ang kasintahang babae, ang naproseso at natraspormang taong may tatlong bahagi—22:17a.

4. Sa panahon ng pagbabalik ng Panginoon, magkakaroon ng pagtatagpo ang dalawang pigura—si Antikristo, isang pigura sa panlabas, pantaong kasaysayan, at si Kristo, ang Pigura sa intrinsiko, dibinong kasaysayan—2 Tes. 2:2-8:

a. Si Kristo ay babalik, bababang kasama ang Kanyang mga mandaraig bilang Kanyang hukbo (Joel 3:11), upang talunin si Antikristo at ang kanyang hukbo (Apoc. 19:11-21).

b. Pagkatapos na talunin ng Pigura sa dibinong kasaysayan ang pigura sa pantaong kasaysayan, ang isang libong taong kaharian ay darating, at ang kahariang ito ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem—ang panghuli at sukdulang hakbang ng dibinong kasaysayan—20:4, 6; 21:10.

B. Kailangan nating isaalang-alang kung tayo ay namumuhay lamang sa pantaong kasaysayan o namumuhay din sa dibinong kasaysayan—1:11, 20; 12:11; 14:4b; 19:7:

1. Tayong lahat ay isinilang sa pantaong kasaysayan, subalit tayo ay muling ipinanganak, naisilang na muli, sa dibinong kasaysayan—Juan 3:6.
2. Kung ang ating pamumuhay ay sa sanlibutan, tayo ay namumuhay lamang sa panlabas, pantaong kasaysayan—Rom. 12:1-2; 1 Juan 2:15-17.
3. Kung ang ating pamumuhay ay nasa ekklesia, tayo ay namumuhay sa panloob, dibinong kasaysayan—1 Cor. 1:2.
4. Bilang ang paglaki ng pagpapakita ni Kristo, ang ekklesia ay bahagi ng dibinong kasaysayan sa loob ng panlabas, pantaong kasaysayan—1 Tim. 3:15-16:
    a. Sa buhay ekklesia ang kasaysayan ng Diyos ay ang ating kasaysayan; ang Diyos at tayo ay may isang kasaysayan, ang dibinong kasaysayan; ang ating Diyos ay may isang kahanga-hangang kasaysayan kasama tayo; ang kasysayan ng Diyos ay naging ating kasaysayan sapagkat Siya ay nasa loob ng pakikipag-isa sa atin—1 Cor. 6:17.
    b. Anuman ang ginawa ng Diyos, anuman ang Kanyang ginagawa, at anuman ang gagawin Niya sa Kanyang kasaysayan ay pawang para ating buhay Kristiyano at buhay ekklesia.

C. "Ang ating pamumuhay, ang ating pang-araw-araw na paglakad, ang ating pag-aaral, ang ating trabaho, at ang ating negosyo ay dapat maging isang bahagi ng kasaysayan ng Diyos sa Kanyang kahanga-hanga at ekselekteng pagkilos sa lupa ngayon …Kailangan nating maging kaisa sa Diyos sa Kanyang kasaysayan, paggawa at pagpapalakas sa Kanyang mga umiibig na mandaraig; yaon ay, kailangan nating maging kaisa ng Diyos sa buhay, sa pamumuhay, at sa lahat ng ginagawa natin ngayon sa lupang ito! Kailangan nating isulat ang kasaysayan ng Diyos ngayon!" (*Life-study of Joshua,* p. 3).

**II. Sa dibinong kasaysayan ang binabawi ngayon ay ang ekonomiya ng Diyos, na nakatuon sa sentrong gawain ng Diyos—upang isagawa ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan, ginagawa ang Kanyang sarili na kaisa nila para sa Kanyang kahayagan—Efe. 3:16-17a; 4:4-6:**

A. Ang sukdulang pagkilos ng Diyos sa Kanyang pagbabawi na isagawa ang Kanyang ekonomiya ay ang isagawa ang Kanyang sarili—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—tungo sa atin at maging ating buhay ating ipamuhay Siiya at ihayag Siya bilang ang Kanyang Katawan, ang ekklesia—3:16-21; 4:4-6, 15-16.

B. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang gawin si Kristo na lahat-lahat, upang gawin si Kristo bilang ang sentralidad at ang unibersalidad, para sa pagbubunga ng paglaki ng Diyos, ang Kanyang paglago, na siyang ang ekklesia; ang paglaki, ang paglago, ng Diyos ay ang kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Col. 1:18; 2:19; 3:10-11; Efe. 3:19.

C. Sa Kanyang ekonomiya ninanais ng Diyos na isagawa ang Kanyang sarili tungo sa tao upang makaisa natin, upang maging buhay natin, tustos ng buhay, at lahat-lahat, at gawin tayo bilang ang Kanyang kahayagan; kaya, ang intensyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang magkaroon ng isang sama-samang entidad, binubuo ng Diyos at tao, upang maging ang Kanyang kahayagan sa walang hanggan—4:4-6.

D. Ayon sa Kanyang ekonomiya, ang Diyos ay mamumuno sa buong mundo, magbubunga ng isang situwasyon para sa Israel upang maging Kanyang hinirang, tamuhin ang ekklesia bilang ang Kanyang mahiwagang bayan, at magkaroon ng mga bansa upang maging ang mga tao sa walang hanggang kaharian ng Diyos; kung makikita natin ito, malalaman natin kung saan tayo naroon, at malalaman natin ang kahulugan ng pantaong buhay—2 Tim. 1:9; Rom. 8:28-30.

E. Kailangan nating magkaroon ng isang malinaw na pangitain ng ekonomiya ng Diyos at mapamahalaan, makontrol, madirektahan, mapreserba, at maprotektahan ng pangitaing ito;

ngayon sa pagbabawi ng Panginoon dapat tayong maging malakas at di-natitinag sa pangitain ng ekonomiya ng Diyos—Gawa 26:19; Kaw. 29:18a.

F. Ang sukdulang pagkilos ng Diyos ay yaong si Kristo, ang hiwaga ng Diyos, ay pumasok sa atin bilang ating buhay upang tayo ay maging Kanyang mga buhây na miyembro at buuin ang Kanyang Katawan, na siyang kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat—Col. 2:2; 1:27; 3:4; 2:19; Efe. 1:22-23:

1. Yaong mga ipinamumuhay si Kristo, mga namumuhay sa espiritu, ay ang aktuwal na sama-samang Katawan ni Kristo; sila rin ang isang bagong tao sa aktuwalidad, isang bagong paglikha kalakip ang isang bagong pamumuhay upang ihayag ang Tres-unong Diyos—4:16, 24.
2. Sa kalaunan, ang buhay Katawan ay aabot sa realidad ng Roma 12, at ito ang magiging paghahanda ng kasintahang babae para sa pagbabalik ng Panginoon—Apoc. 19:7.
3. "Magkaroon ng kabigatan sa sukdulang pagkilos ng Diyos. Pagkatapos makikita ninyo ang kaisahan ng Diyos sa inyo, at walang magiging problema sa inyong pamumuhay" (*The World Situation and God's Move,* p. 43).
4. "Magbangon at tumayo para sa pagbabawi ng Panginoon. Ito ang sukdulang panahon upang maisakatuparan ng Diyos ang Kanyang layunin upang pabalikin ang Panginoon" (p. 58).